# PULANG ROSAS

*by:*
**Clarisse C. Estanislao**

"Bangon Bayan Muli"

"Kulay Rosas, ang Bukas"

Dilaw, Pula, Asul, Rosas- Anong kulay ka tumaya? Kaninong prinsipyo at pangako ka naniwala? Kaninong pangalan ang iyong inilagda? Boto mo'y walang dungis ba ng daya?

Mayo 9, 2022- Araw ng pagpapasya. Ngunit bago pa dumating ang araw ng pagpili, maraming relasyon, pamilya at pagkakaibigan na ang nasira. Nagkawatak-watak. Maling paniniwala? Kanino? Saiyo o sakanya?

depedbataan.com The Official Website of DepED Division of Bataan

Pula- Sagisag ng nag-aalab na damdamin. Kulay ng katapangan at kapangyarihan. Naging kulay ng Pamilyang para sa "Dugo" ang ipaglalaban. Apilyedong matagal ng nadungisan ay malilinisan, sa oras na ang Pula ang manalo sa laban.

Mayroong sapat na pondo at makinarya. Maraming mayayaman at pulitikong taga-suporta. Samahan pa ng libo-libong Troll sa social media. Walang duda. Lamang ang Pula sa karera.

Rosas- Kulay malumanay. Sagisag ng kababaihang Pag-asa ang dala para sa bayan. Nagsimula sa isa hanggang naging libu-libo ang naniwala at nakitang milyun-milyon ang handang tumaya.

Sa laban na iisa ang kalaban, Kulay Rosas ang bukas sa paniniwalang hindi magwawakas ang Pag-asang uunlad ang Bayan. Marami ang tumindig. Lumaban. Nakiisa.

Sa laban na maliit man ang posibilidad na manalo ngunit patuloy na naniwala--naniwala na mapupunan ng malasakit ang ganid at kapangyarihan. Umasang mangingibabaw ang katotohanan.

Sinindihan ang apoy ng Pangarap at Pag-asa. Pangarap para sa Bayang matagal ng nalugmok sa kahirapan, at Pag-asa para sa mga taong pinagkaitan ng katarungan.

Rosas.. ang kulay sana ng bukas.

Ngunit naging mapaghamon ang araw ng eleksyon. Naging mas maingay, mas magulo at mas nakakatakot. May mga ipinaglalaban sa maling paraan, mayroon din namang nagpapalaganap ng mga kasinungalingan. Namantsahan ang dapat sana'y payapang araw ng pagpili, nabahiran ng pagdududa at katiwalian. Hindi malaman kung ang resulta ng aba talaga ang tunay na sigaw ng taong bayan.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Sa huli, pinili ng mga taong pintahan ng pula ang Rosas. Mas nais ng tao ang nakasanayang Pula. Ang kilala at sikat, ang mahal, at ang matinik na Pulang Rosas.

*References:*

Philippines Elections: Why BBM Not Leni? | The ASEAN Post